# PALAKASIN


AGNZ NATIONAL CONFERENCE 2026

ASSEMBLIES OF GOD
CHURCHES IN NEW ZEALAND INC

PANALANGIN AT PAG-AAYUNO
IKA-31 NG AGOSTO -
ARAW LINGGO IKA-20 NG SETYEMBRE

# FILIPINO

## GABAY SA PANALANGIN




# Kia Ora

Kapayapaan, biyaya at lakas ang sumainyong lahat.

Sa ngalan ng pangkat ng Ehekutibo, maraming salamat sa inyong pagtatalaga sa 21–araw na inisyatibong ito ng panalangin.

Tayo ngayon,bilang isang bagong Ehekutibo, na nasa landas na ito ng pagdoble ng ating mga hakbang, halos tatlong taon na. Sa pagbanggit sa mga salita ng Konseho ng Jerusalem, ito'y mabuti sa atin at sa Banal na Espiritu, na sa kasalukuyang panahong ito na makita ang ating mga sarili na nakapaloob, ay dapat ilaan sa 'pagpapalakas' ng mga mananampalataya, mga pinuno, at mga lokal na mga asamblea.

Ipinapahayag ng Fil 4:11b–13 ang mga kahanga–hangang salitang ito. 'Natutunan ko ang maging kontento sa anumang kalagayan ko . Alam ko kung paano magpakababa at kung paano magpakasagana. Sa anumang sitwasyon at sa bawat pagkakataon, natutunan ko ang sikreto ng pagharap sa kasaganaan at gutom, sa kasaganaan at pangangailangan. Magagawa ko ang lahat ng bagay sa pamamagitan Niya na nagpapalakas sa akin...'

Maaaring isulat ni Pablo nang may konbiksyun, at sa pamamagitan ng masasakit na personal na karanasan, na 'alam' niya kung paano makakamit ang lakas ng Diyos, na humahantong sa kanyang patuloy na kakuntentuhan, anuman ang mga pangyayari. Ito ay isang bagay na nais ibahagi ng Diyos sa ating lahat, upang tayo ay maging mga nagniningning na ilaw ng pag–asa, na kailangang makita ng mga nakapaligid sa atin.

Ngunit dapat ko ring idagdag na walang pinaiksing daan dito. Sa bawat okasyon nasusumpungan natin ang ating mga sarili sa mundo ng kawalan, naibababa, at natutuklasang wala na tayong maibibigay. Gayunpaman, dito lang ang paanyaya na magtiwala, na 'hayaang' gumawa ang Diyos, kung ang tanging magagawa Niya, kung kaya't mas matapang din nating masasabi, 'Kaya ko ( patuloy akong natututo ) na magagawa ko ang lahat ng bagay sa pamamagitan Niya na nagpapalakas sa akin'.

Nawa'y sa masaganang habag ng Diyos, mahabang pagtitiis at kapangyarihan, punuin tayo ng Kanyang pag–asa at kagalakan, yamang alam nating habang tayo'y nagsusumikap sa pamamagitan ng masugid na panalangin at tiwala, ang lahat ng bagay ay tunay ngang posible.

Lahat ng pinakamainam sa panahon ng pagtutuon ng pansin sa loob ng 21 araw na ito ng pananalangin. Nawa'y higitan ng Diyos ang lahat ng inaasahan.



Amen

**Terry Bradley**

**Pangkalahatang Tagapangasiwa ng AGNZ**

## Araw Lunes, ika-31 ng Agosto

# IKA 1

*"Hindi ba ninyo nalalaman, di ba ninyo naririnig? Na itong si Yahweh, ang walang hanggang Diyos, ang siyang lumikha ng buong daigdig? Hindi siya napapagod; sa isipan niya'y walang makakaunawa. Ang mahihina't mga napapagod ay kanyang pinapalakas. Kahit na ang mga kabataan ay napapagod at nanlulupaypay. Ngunit muling lumalakas at sumisigla ang nagtitiwala kay Yahweh. Lilipad silang tulad ng mga agila. Sila'y tatakbo ngunit hindi mapapagod, sila'y lalakad ngunit hindi manghihina." Isaias 40:28–31*

## Mga Puntos Panalangin

- Banal na Espiritu, nagpapakumbaba kami at kinikilala ang iyong kapangyarihan at awtoridad sa aming buhay. Pinapayapa ang aming mga puso at pinapatahimik ang aming mga iniisip. Hinihiling namin sa iyo na pamunuan kami nang may soberanya sa panahong ito ng panalangin at pag–aayuno.
- Hangarin ng aming mga puso at panalangin na makatagpo Ka at mas makilala Ka nang malalim sa aming kaibuturan . Hinihiling namin sa Iyo na kumilos sa aming mga eglisya nang may nagpapalakas na kapangyarihan habang kami ay sama–samang naghihintay sa Iyo.
- Ama sa Langit, buksan mo ang aming mga tainga upang marinig ka muli, patawarin mo kami sa paglimot kung sino ka at sa kabutihan ng iyong mga awa. Ipinapahayag namin sa iyo ang bunga ng pamumuhay sa aming sariling lakas, aming kahinaan at pagkapagod. Idinideklara namin na "ang pag–asa ng mga Asamblea ng Diyos sa NZ ay si Hesukristo. Ang aming pag–asa ay nakasalig lamang sa Kanya."
- Lokal/Pambansa/Pandaigdigang Misyon:
  Ideklara ang pagpapala ng Diyos sa mga Nanay, Tatay, at buhay pamilya sa inyong bayan/lungsod.
  Itaas sa Diyos ang lahat ng mga MP at mga naglilingkod sa ating sistemang parlamentaryo at ipamanhik sa pamamagitan ng pangalan ang mga kumakatawan sa inyong mga botante.
  Manalangin para sa proteksyon ng Diyos sa darating na halalan,na ang mga kalalakihan at kababaihang may prinsipyo at integridad ay mahalal sa parlamento ng NZ.
  Manalangin para kay Ps. Freedom Aiga habang itinataguyod niya ang mga kalalakihan sa ating kilusan, manalangin na magbangon ang Diyos ng mga kalalakihang may espirituwal na lakas at kapangyarihan na maglilingkod sa kanilang mga pamilya, mga karatig lugar , mga simbahan, at lugar ng trabaho.
  Manalangin para kina Julian at Monica Hawken (nakabase sa China, NZ) Robert at Margaret Hunt ( Pilipinas, nakabase sa NZ), P at J L (Middle East).



PALAKASIN

# Araw Martes ika-1 ng Setyembre

# IKA 2

*" At nang si David at ang kaniyang mga lalake ay dumating sa bayan, narito, sinunog ng apoy; at ang kanilang mga asawa, at ang kanilang mga anak na lalake at babae ay pinagdadalang bihag. Nang magkagayo'y si David at ang bayan na nasa kaniya ay naglakas ng tinig, at umiyak, hanggang sa sila'y nawalan ng lakas na umiyak. At ang dalawang asawa ni David ay nabihag, si Ahinoam na taga Jezreel, at si Abigail, na asawa ni Nabal, na taga Carmelo. At nagdalamhating totoo si David, sapagka't pinagsasalitaan ng bayan na batuhin siya, sapagka't ang kaluluwa ng buong bayan ay pumanglaw, bawa't tao dahil sa kanikaniyang mga anak na lalake at babae; nguni't si David ay nagpakatibay sa Panginoon niyang Dios. At sinabi ni David kay Abiathar na saserdote, na anak ni Ahimelech, Isinasamo ko sa iyo na dalhin mo rito ang epod. At dinala doon ni Abiathar ang epod kay David. At sumangguni si David sa Panginoon, na nagsasabi, Kung aking habulin ang pulutong na ito, ay akin kayang aabutan sila? At sinagot niya siya, Iyong habulin: sapagka't tunay na iyong aabutan, at walang pagsalang mababawi mo ang lahat." 1 Samuel 30:3–8*

## Mga Puntos Panalangin

- Panginoong Hesus, pinupuri kita para sa pakikipagtulungan sa Misyon at Muling Pagkabuhay na ipinagkaloob mo sa aming Kilusan ng mga simbahan.
- Nagpapasalamat ako sa iyo para sa iyong pinaghirapang tagumpay sa krus at sa pagpapadala sa akin sa aking komunidad na may kapangyarihan at awtoridad ng pinakamagandang balitang narinig. Idinideklara ko na ang aking lakas ay nagmumula sa Mabuting Balita ng kamatayan at muling pagkabuhay ni Hesus. Pinagtitibay ko ang aking paniniwala na ang Mabuting Balita ni Hesukristo ay' ang kapangyarihan ng Diyos na nagdadala ng kaligtasan sa bawat naniniwala ' .
- Idinideklara namin na kinuha ng ating Ama sa Langit ang mga Asamblea ng Diyos sa NZ para sa kanya. Na tayo ay tinawag upang bumuo ng mga samahan at at sama–samang makipagsapalaran nang may pananampalataya. Na tayo ay kanyang mga pinalakas, malakas sa kanyang kapangyarihan, isinugo niya bilang mga mananagumpay sa mga tao ng bawat wika at bawat tribo.
- Idinideklara namin na sa pamamagitan ng aming pagbabahagi ng Mabuting Balita, ang bakas at impluwensya ng mga Asamblea ng Diyos sa NZ ay higit pa sa doble sa Aotearoa pagsapit ng 2033… na ang aming kilusan ay magiging isang bukal ng pagpapala sa aming bansa at sa iba pang mga kilusan.
- Lokal/Pambansa/Pandaigdigang misyon:
  Manalangin para sa negosyong komunidad sa inyong bayan/lungsod.
  Itaas sa Diyos ang NZ midya, mga tagapagbalita, at mga mamamahayag.
  Ipanalangin sina A at R M (Middle East), M at D M (Middle East), Kevin at Denise Reid (nakabase sa NZ)




## Araw Miyerkules ika-2 ng Setyembre

# IKA 3

*"Tandaan mo ang bilin ko: Magpakatatag ka at lakasan mo ang iyong loob. Huwag kang matatakot o mawawalan ng pag–asa sapagkat akong si Yahweh, na iyong Diyos, ay kasama mo saan ka man magpunta." Josue 1:9*

## Mga Puntos Panalangin

- Ama naming Diyos, nagpapasalamat kami sa pagbibigay Mo sa amin ng lakas at tapang upang makapagsalita kami sa aming mga komunidad na buhay at aktibo. Upang kami'y makapagsalita sa pamamagitan mo ng pagtatali at pagkakalag upang ang inyong kalooban ay matupad sa lupa tulad ng sa langit.
- Banal na Espiritu palakasin mo kami upang ang iyong mga salita sa pamamagitan namin ay tumagos maging sa pagitan ng kaluluwa at espiritu, mga kasukasuan at utak, at humuhusga sa mga iniisip at gawi ng puso ng mga nakikinig.
- Idinideklara namin na sa mga darating na taon, sa lahat ng aming mga eglisya, ang buong ebanghelyo o mga salita at gawa ay ipangangaral. Na ang mga tanda at kababalaghan ay susunod sa makapangyarihang awtoritatibong proklamasyon ng krus at muling pagkabuhay ni Hesukristo.
- Banal na Espiritu, pinupuri ka namin sa pagbibigay sa amin ng kakayahang tumayo sa pagitan mo at ng mundong hindi naniniwala. Turuan at akayin kami upang sa bawat bayan at lungsod ang aming mga simbahan ay maging mga bahay–dalanginan.
- Aming Diyos hinihiling namin sa Iyo na palawakin at palalimin ang aming kakayahang manalangin para sa mga hindi mananampalataya na aming kasama sa buhay. Nawa'y ang lupang hindi tinatamnan ng mga pamayanang pinapunta Mo sa amin ay maararo ng aming mga panalangin.
- Lokal/ Pambansa/ Pandaigdigang Misyon:
  Pagpalain ang sektor ng sining/malikhaing sektor sa inyong lungsod/ bayan.
  Ipanalangin ang mga musikero, manunulat, at artista sa pamamagitan ng pangalan.
  Itaguyod sa harap ng Diyos ang lahat sa sistema ng hustisyang kriminal sa New Zealand.
  Ipanalangin na ang katotohanan at integridad ay maging katangian ng mga pulis, abogado, hukom, opisyal ng koreksyon, mga serbisyong probisyon, at mga opisyal ng korte.
  Ipanalangin sina John at Mary Elliott (nakabase sa NZ), Jason at Judy Fawcett (South Africa).

## na Araw Huwebes ika-3 ng Setyembre

# IKA 4

*"Nang makita nga nila ang katapangan ni Pedro at ni Juan, at pagkatalastas na sila'y mga taong walang pinagaralan at mga mangmang, ay nangagtaka sila; at nangapagkilala nila, na sila'y nangakasama ni Jesus." Mga Gawa 4:13*

## Mga Puntos Panalangin

- Panginoong Hesus, nakatingin at minamasdan kita sa araw na ito. Nakikita kitang mataas at itinaas, ang kampeon at ang nagtagumpay laban sa aking mga kaaway.
- Banal na Espiritu, hinihiling ko ang panibagong  kapuspusan ngayon. Upang hikayatin at patatagin mo ako muli sa katiyakan na ikaw ay higit kaysa sa sinumang nasa mundo.
- Dalangin ko ang para sa pagkilos ng mga eglisya. Nawa'y sumibol ang panibagong  katapangan .Nawa'y ang ating pagsamba at pakikipag-isa ay magbunga ng mga matatapang na anak na babae at lalaki. Ang inyong sariling pamilya ay armado ng mga sandata na may banal na kapangyarihan upang wasakin ang mga kuta.
- Idinideklara namin ang buhay-nagbibigay ng kapangyarihang dugo ni Hesus sa lahat ng dumarating laban sa aming mga pamilya, sa aming mga eglisya, sa aming pagkilos at sa aming bansa. Idinideklara namin na ang dugo ni Hesus ay nagsasabi ng mas mainam na salita kaysa sa anumang naisulat o sinalita patungkol sa amin ng mga kaaway ng Diyos.
- Idinideklara namin na sa pamamagitan ng bawat lalaki, babae, at bata sa aming mga simbahan, ang presensya ng Banal na Espiritu ay lalong mahayag. Sa pamamagitan ng pananampalataya at pagpapatong ng mga kamay ay makikita natin ang Banal na Espiritu na makapangyarihang kumikilos sa pamamagitan natin upang baguhin ang mga buhay.
- Lokal/Pambansa/Pandaigdigang Misyon:
  Itaguyod ang inyong alkalde at konseho, ( banggitin sila, kung alam ninyo ang kanilang mga pangalan)
  Itaguyod ang mga guro, lektor at tagapag-alaga ng mga bata sa buong NZ,
  Ipanalangin sina Colin at Jenny Ayling ( Mozambique, nakabase sa NZ), Val Bateup ( Thailand, nakabase sa NZ), Malcolm at Linda Bayliss ( Timog-Silangang Asya, nakabase sa NZ)

PALAKASIN

# Araw Biyernes ika-4 ng Setyembre


# IKA 5

*"Ang hangad ko'y ipangaral ito sa mga lugar na hindi pa nakikilala si Cristo, upang hindi ako magtayo sa pundasyon ng iba. Subalit tulad ng nasusulat, Makakakilala ang hindi pa nakakabalita tungkol sa kanya. Makakaunawa ang hindi pa nakakarinig tungkol sa kanya." Mga Taga–Roma 15:20–21*

## Mga Puntos Panalangin

- Panginoong Hesus, humihiling kami ng mga mata upang makita ang aming komunidad tulad ng Iyong nakikita, upang makita naming muli ang mga kabiguan at hayaang maantig ang aming mga puso nang may habag. Kami ay dumaraing sapagkat sa aming bansa, ang aming mga komunidad ay parang mga tupang walang pastol,pinahihirapan, at walang magawa.
- Patawarin mo kami sa mga pagkakataon na tumingin kami sa ibang paraan o lumihis kami sa ibang daan.Sapagkat noong ang aming kagalakan sa katotohanang kami ay natagpuan Mo ang bumulag sa amin mula sa kagalakan–puno ng lakas bilang tugon sa aming mga kapwa.
- Salamat Hesus sa pagpapakita sa amin kung ano ang ibig sabihin ng pagsugo nang may pagmamahal, lakas, at kapangyarihan upang magtanim ng mga bagong komunidad ng pananampalataya.
- Idinideklara namin na sa Kumperensya at sa mga darating na taon, ang kilusang Asamblea ng Diyos sa NZ ay makikilala dahil sa pagmamahal na mayroon kami para sa mga hindi pa nakakakilala sa inyo.
- Baguhin Mo po ang aming mga puso upang ang aming pag–ibig sa isa't isa ay lalong pa magliwanag at hindi matanggihan ng mga hindi mananampalataya.
- Banal na Espiritu, hinihiling namin na ang biyaya ng pagpapakumbaba ay bumalot sa aming kilusan. Nawa'y buksan namin ang mga pinto para sa bawat tawag,para sa bawat kaloob sa bawat buhay. Na sila'y bumangon at ipadala sa mga lugar kung saan maaaring lumago ang isang bagong simbahan. Upang sa Aotearoa NZ ay anihin ang isang ani na karapat–dapat sa sakripisyo ni Jesus.
- Lokal/Pambansa/Pandaigdigang Misyon:
  Maglaan ng oras upang basbasan at ipanalangin ang lahat ng simbahan ng ibang denominasyon na malapit sa inyong tinitirhan. Hilingin sa Diyos na bigyan ng karunungan at panibagong pagpapahid ang mga pinuno ng lahat ng denominasyong Kristiyano sa NZ. Ipanalangin sina Heather Bourn (France), Max at Dorothy Chismon (SE Asia, nakabase sa NZ).






## na Araw Sabado ika-5 ng Setyembre

# IKA 6

*"Narito, ang lingkod ko ay gagawang may karunungan, siya'y mabubunyi, at malalagay na mataas, at magiging napakataas. Kung paanong marami ang natigilan dahil sa iyo – ang kaniyang mukha ay napakakatuwa kay sa kaninomang lalake, at ang kaniyang anyo ay higit na kumatuwa kay sa mga anak ng mga tao –,Gayon siya magwiwisik sa maraming bansa; ang mga hari ay magtitikom ng kanilang mga bibig dahil sa kaniya: sapagka't ang hindi nasaysay sa kanila ay kanilang makikita; at ang hindi nila narinig ay kanilang mauunawa." Isaias 52:13–15*

## Mga Puntos Panalangin

- Patawarin mo kami, Ama sa Langit, sa mga pagkakataong kami ay nanghihina at ayaw magpatuloy sa pagpasan ng aming krus tulad ng ginawa ni Hesus. Hinihiling namin sa iyong awa, biyaya, at panibagong lakas. Nawa'y bigyan mo kami ng panibagong kapahayagan ng iyong kabutihan na magdudulot sa amin na magsisi. Upang bilangin ang halaga, kumilos ng may karunungan, piliin ang mapagpakumbabang paraan, at muling pasanin ang aming krus.
- Idinideklara namin na ang mga Asamblea ng Diyos sa NZ ay isang kilusang malakas sa kapangyarihan ng Diyos na nagbabago sa mga pamayanan, bayan, at siyudad ng ating bansa. Mga taong nagpapahayag ng kalayaan kay Cristo, buklurin ang mga pusong bigo, at pagalingin ang maysakit.
- Idinideklara namin na ang mga pagpapahid ng langis sa mga Apostol, Propeta, Ebanghelista, Pastol, at Guro ay uusbong sa buong kilusan. Na ang bawat lalaki, babae, at bata ay magiging handa at magiging ganap bilang mga manggagapas ng ani.
- Dalangin namin si Ps. Terry na aming Tagapangasiwa at ang aming Ehekutibong pangkat, na sana'y mabigyan sila ng matalinong mga estratehiya, lakas, at tapang upang pangunahan ang aming kilusan ayon sa iyong patnubay.
- Lokal/Pambansa/Pandaigdigang misyon:
  Ipanalangin ang mga Tagapag–alaga at mga mangagawang Panlipunan sa inyong bayan/siyudad.
  Sa mga tagalikha at negosyante na lilitaw sa NZ.
  Ipanalangin sina Sam at Carol Soukotta (Indonesia), Rod at Lynley Talbot (Africa).





## Araw Linggo ika-6 ng Setyembre

# IKA 7

*"Magpasalamat tayo sa Diyos na nagbibigay sa atin ng tagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo! Kaya nga, mga minamahal kong kapatid, magpakatatag kayo at huwag matinag. Maging masipag kayo palagi sa paglilingkod sa Panginoon, dahil alam ninyong hindi masasayang ang inyong pagpapagal para sa kanya."*
*Corinto 15: 57-58*

## Mga Puntos Panalangin

- Amang nasa Langit, pinararangalan kita dahil Ikaw ang Diyos na hindi tumitigil sa paggawa, dahil Ikaw ang Diyos na laging nasa misyon. Na ang walang tigil na paghahangad na mahanap ang mga taong naliligaw ang Iyong masidhing hangarin at Iyong pangunahing gawain. Ama, ako ay nagagalak na ako ay Iyong anak at ibinahagi ko ang DNA ng misyong ito kasama Mo. Ama, muli kong iniaalay ang aking sarili sa gawaing ibinigay Mo sa akin na gawin para sa iyo,.
- Patawarin mo kami sa mga pagkakataong kami natatakot, makasarili, o napapahiya, at nabigong sabihin sa iba ang kagalakan ng pagkilala sa Iyo. Patawarin mo kami sa hindi pagbabahagi ng mga pagpapala ng aming relasyon sa Iyo.
- Idinideklara namin na sa hinaharap na ang Asamblea ng Diyos sa NZ ay makikita ang sarili bilang malakas na hukbong sundalo na isinusugo sa hinog na anihan. Upang ang ating pagkakakilanlan ay maging mga manggagawa ng Diyos,isang sambahayan ng mga taong sama-sama itinayo Niya para sa pagtitipon ng mga bansa.
- Nagpapasalamat kami sa iyo sa pagtatalaga at pagpapadala ng mga kaloob na Apostoliko, Propetiko, Ebanghelistiko, Pagpapastol at kaloob ng Pagtuturo sa buong kilusan namin. Pinasasalamatan ka namin sapagkat sa aming piling dinaragdagan mo ang lakas na nagmumula sa pagpapakumbaba. Upang ang aming pag-ibig sa isa't isa ay lumalalim, na hangarin namin ang iba na magkaroon ng daan sa kanilang mga kaloob.
- Lokal/Pambansa/Pandaigdigang misyon:
  Ipanalanging lumitaw ang pag-asa sa puso ng mga nalululong at nalulumbay sa inyong siyudad/bayan.
  Ipanalangin na sa buong Aotearoa ang mga puso ng mga bata ay mabaling sa kanilang mga ama at ang mga puso ng mga ama ay mabaling sa kanilang mga anak.
  Ipanalangin sina Hilary at Jackie Tumusiime (Uganda), Robin at Margaret Aim (Kenya), Peter at Helen Brown (Pilipinas).




## Araw Lunes ika-7 ng Setyembre

# IKA 8

*"Pagdating doo'y sinabi niya sa kanila, "Manalangin kayo upang hindi kayo madaig ng tukso." Iniwan niya sila at pumunta sa di–kalayuan, at doo'y lumuhod at nanalangin. Sabi niya, "Ama, kung loloobin mo, ilayo mo sa akin ang kopang ito, ngunit huwag ang kalooban ko ang masunod, kundi ang kalooban mo." Nagpakita sa kanya ang isang anghel mula sa langit at pinalakas ang loob niya. Dala ng matinding hinagpis, siya'y nanalangin nang lalong taimtim, at pumatak sa lupa ang kanyang pawis na parang malalaking patak ng dugo. Pagkatapos manalangin, siya'y tumayo at lumapit sa kanyang mga alagad. Naratnan niyang natutulog ang mga ito dahil sa labis na kalungkutan. "Bakit kayo natutulog?" tanong niya. "Bumangon kayo at manalangin upang hindi kayo madaig ng tukso."*

*Lucas 22:40–46*

## Mga Puntos Panalangin

- Banal na Espiritu , nagpapasalamat ako sa iyo para sa iyong kapangyarihang gampanan ang responsibilidad na ibinigay mo sa akin. Amang Diyos, nais kong masunod ang iyong kalooban at hindi ang sarili ko. Nagagalak ako na nagpapadala ka ng mga anghel upang palakasin ako at ang aking mga kapatid. Dalangin ko na huwag akong mahulog sa tukso at palakasin mo ang iyong eglisya.
- Patawarin mo kami kung sa aming kahinaan, nabigo kaming manalangin at nawala sa paningin ang kapangyarihan sa aming mga panalangin. Bigyan mo kami ng panibagong biyaya para sa panalangin at ng panibagong pagnanais na magpatuloy at upang patuloy na manalangin.
- Idinideklara namin na sa aming kilusan, ang espiritu ng panalangin at pagpapakumbaba sa harap ng Diyos ang magdulot ng bukas na langit. Sa bawat isa sa aming mga eglisya, ang iyong mga tao ay pangungunahan Mo upang manalangin at mag–ayuno sa anihan. Nawa'y palakasin mo kami na may mga bagong kaloob para sa misyon at paglilingkod sa mga lugar ng trabaho, mga pamayanan at mga eglisya kung saan Mo kami nilagay.
- Lokal/Pambansa/Pandaigdigang Misyon:
  Ideklara ang pagpapala at pagbuhos ng Banal na Espiritu sa ibabang bahagi ng Timog Isla.
  Hilingin sa Diyos na protektahan at pahiran ng langis si Ps. Peter Neklen at ang iba pang mga pastor sa rehiyong iyon.
  Manalangin ng pagpapala, lakas ng loob, probisyon at karunungan para sa ating Tagapangasiwa na sina Ps. Terry at Rowena Bradley.
  Ipanalangin si Kay Fountain (Asia Pacific, nakabase sa NZ), Allen at Elizabeth O'Loughlin (UK ), Doug at K@linda (Silangang Asya) M at K T (South East Asia).

PANALANGIN AT PAG-AAYUNO

## na Araw Martes ika-8 ng Setyembre

# IKA 9

*"Dahil dito ay iniluluhod ko ang aking mga tuhod sa Ama ng ating Panginoong Hesukristo, Na sa kaniya'y kumukuha ng pangalan ang bawa't sangbahayan sa langit at sa lupa, Upang sa inyo'y ipagkaloob niya, ayon sa mga kayamanan ng kaniyang kaluwalhatian, na kayo'y palakasin ng kapangyarihan sa pamamagitan ng kaniyang Espiritu sa pagkataong loob;" Mga Taga–Efeso 3:14—16*

## Mga Puntos Panalangin

- Amang Diyos, kami ay namamangha sa iyong mga pangako at sa iyong katapatan sa aming kilusan sa loob ng maraming dekada. Pinapasalamatan ka namin na sa kabila ng aming sarili, ikaw ay naging tapat at pinanatili kami bilang isang bayan para sa Iyo.
- Pinasasalamatan ka namin para sa pangitain, sa rebelasyon, sa biyaya, at sa kapangyarihang ipinagkaloob sa pandaigdigang A/G na Kilusan upang dumoble ang laki bago ang 2033.
- Banal na Espiritu, nang may paggalang, pinatutunayan namin na ito ay hindi mangyayari sa pamamagitan ng lakas o kapangyarihan ng tao, kundi sa pamamagitan ng Iyong Espiritu. Ipagkaloob sa amin Ama, ang makapangyarihang lakas sa aming kalooban na nagmumula sa Iyong kaluwalhatian. Panatilihin mo kaming mapagkumbaba at laging maging mapagmatyag sa iyong mga paraan, sapagkat masyado kaming madaling magtiwala sa aming sariling lakas.
- Ama, taos–puso kitang inaanyayahan na ipakita sa akin kung saan hindi si Jesucristo ang Panginoon sa aking buhay. Halina at ihayag kung may anumang kasamaan sa akin. Pumasok sa aming mga eglisya at bigyan kami ng lakas ng loob upang gibain ang mga hindi banal at hindi angkop sa layunin ng aming pagpapadala.
- Pinatutunayan at idinideklara namin na sa kumperensya at lampas pa, ang mga asamblea ng Diyos sa NZ ay malakas na kilusan sa kapangyarihan ng Diyos.
- Lokal/ Pambansa/ Pandaigdigang misyon:
  Ideklara ang pagpapala at pagbuhos ng Banal na Espiritu sa gitna—Timog Isla.
  Ipanalangin sa Diyos na protektahan at pahiran ng langis si Pastor Jonathan Hales at ang iba pang mga pastor sa rehiyong iyon.
  Ipanalangin ang pagpapala, lakas ng loob, probisyon, at karunungan para sa aming Pangalawang Tagapangasiwa at pinuno ng grupong etnikong Samoa, sina Pastor Lau at Nancy Faletutulu.
  Ideklara ang dobleng – bahagi ng pagpapala sa lahat ng aming mga eglisya ng Samoan at pagpakawala ng tagapagtanim ng eglisyang Samoan.Ipanalangin sina John at Linda Watson (nakabase sa NZ), D at P W (South East Asia), Ken at Erla Virtue (Pilipinas).

PALAKASIN

# Araw, Miyerkules Ika- 9 ng Setyembre

# IKA 10

*"Ipanalangin ninyo kami upang ang salita ng Panginoon ay mabilis na lumaganap at parangalan ng lahat, tulad ng ginawa ninyo. Idalangin din ninyong maligtas kami sa mga taong mapaminsala at masasama, sapagkat hindi lahat ay may pananampalataya sa Diyos. Ngunit tapat ang Panginoon; siya ang magpapatatag at mag–iingat sa inyo laban sa Masama. Dahil sa Panginoon, malaki ang aming pagtitiwala na sinusunod ninyo at patuloy na susundin ang mga itinuro namin sa inyo. Patnubayan nawa kayo ng Panginoon upang lalo ninyong maunawaan ang pag–ibig ng Diyos at ang katatagang nagmumula kay Cristo." 2 Tesalonica 3:1–5*

## Mga Puntos Panalangin

- Nagpapasalamat kami para sa masigasig na pag–ibig sa Panginoong Hesus na nag–udyok sa aming mga espiritwal na ina at ama na ialay ang kanilang buhay para sa isang patotoo ng Banal na Espiritu/Pentecostal sa Aotearoa.
- Diyos Ama, hinihiling namin na tulad ng ginawa mo nang sindihan mo ang unang alab ng Pentecostes sa aming mga pampang… muli mong idulot na ang pag–ibig ang makita sa aming mga simbahan… at ipakita sa amin kung saan ang takot na iniisip ng iba ang gumapos sa amin.
- Panginoong Jesus, ipinagpapasalamat namin sa Iyo na ang apoy ng Pentecostes ay patuloy na nagniningas sa mga lalaki, babae, batang lalaki at batang babae ng bawat wika, tribo, at henerasyon sa aming bansa.
- Ipinapahayag namin ang multikultural, intergenerasyonal, at magkakaugnay na biyaya ng Diyos at Ama ng ating Panginoong Jesus Cristo sa aming kumperensya at sa aming kilusan sa mga darating na taon.
- Ipinapahayag namin ang pagsikat ng isang bagong panahon ng pananampalataya at pag–asa kay Jesucristo para sa Aotearoa NZ. Nawa'y magkaroon ng bagong awit sa mga labi ng mga taga–New Zealand, isang awit na nagagalak sa kabutihan ng Diyos at sa mga gawa ni Jesus.
- Lokal/ Pambansa/ Pandaigdigang misyon:
  Ipahayag ang biyaya at pagbuhos ng Banal na Espiritu sa itaas na Bahagi ng South Island.
  Ipanalangin sa Diyos na protektahan at pahiran ng langis sina Pastor Ross Ferguson at ang iba pang mga pastors sa rehiyong iyon.
  Ipagdasal ang pagpapala, katapangan, probisyon, at karunungan para sa ating Executive member at Te Roopu Māori Leader na sina Ps Mina at Dennis Acraman.
  Ipahayag ang dobleng bahagi ng pagpapala sa lahat ng ating mga eglisyang Māori at ang pagpapalaya ng mga tagapagtanim ng eglisyang Māori.
  Ipagdasal sina Solomon at Sola Chand (Nauru), J at C M (South East Asia), Hamish at Haidee Betts (Singapore).

# Araw, Huwebes Ika-10 ng Setyembre

# IKA 11

*"Datapuwa't tatanggapin ninyo ang kapangyarihan, pagdating sa inyo ng Espiritu Santo: at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, at sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kahulihulihang hangganan ng lupa." Mga Gawa 1:8*

## Mga Puntos Panalangin

- Diyos Ama, pinasasalamatan ka namin sa pagsugo mo sa iyong banal na Espiritu. Para sa Dakilang Tagapayo. Ang taga– estratihiya  ng aming misyon.na nagpapalakas sa amin sa pamamagitan ng iyong kapangyarihang nasa amin upang talunin ang gawa ng diablo.
- Idenidiklara namin ang di mapigil at patuloy na pagbuhos ng iyong Banal na Espiritu sa New Zealand. Na iyong babaguhin ang iyong simbahan na maging bagong balat na sisidlan ng alak, handa at malakas para sa bagong alak.
- Idinideklara namin ang pagtatanim ng mga bagong eglisya sa New Zealand at bagong pananampalataya sa mga kumunidad sa aming mga lugar. Na sa mga Darating na mga taon ikaw ay magbibigay ng panigabagong biyaya sa  paglikha ng mga disipulo. Mga disipulo na ipadadala bilang mga manggagawa. Upang anihin ang ang mga ani at upang idisipulo ang mga bansa.
- Idinideklara namin ang paglaya sa pagkagapos, mga sumpa, mga adiksyun, mga sakit at mga karamdaman sa pamamagitan ng dito ni Hesus. Ipinamamanhik namin ang dugo ni Hesus sa aming lugar. Sa pangalan ni Hesus tinatalian namin ang mga kaaway ng Diyos.
Winawasak ang mga tanggulan at inuutusan ang mga demonyo na umalis.
- Local/ Nasyunal/ Pandaigdigang Misyon:
Ideklara ang pagpapala at pagbuhos ng Banal na Espiritu sa region ng Wellington.
Hilingin sa Diyos na ingatan at pahiran si Ps. Malcolm Bayliss at ang iba pang mga Pastor sa naturang rehiyon.
Itaas ang ating minamahal na kolehiyo ng Alphacrucis. Ideklara ang pagpapala ng Diyos at probisyun para sa kolehiyo.
Hilingin sa Diyos na tawagin ang mga estudyante sa lahat ng henerasyon. Na pag–aralan ang mga Kasulatan at ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu at ang Alphacrucis.
Manalangin para sa paglakas , mapalalim ang karunungan at madagdagan ang kaalaman sa pag–ibig ng Diyos para sa Nasyunal na Direktor Ps. Leeana Kukutai at ang lahat ng kasamahan sa Alphacrucis.
Manalangin para kay Phillip at Sarah Hawken ( Kenya ), D at H F (South East Asia).



PALAKASIN

# Araw Biyernes Ika-11 ng Setyembre

# IKA 12

*"Kaya nga, kami'y mga sugo ni Cristo; ang Diyos mismo ang nakikiusap sa inyo sa pamamagitan namin. Kami'y nakikiusap sa inyo alang-alang kay Cristo: makipagkasundo kayo sa Diyos."* *2 Korinto 5:20*

## Mga Puntos Panalangin

- Diyos Ama, Kami'y yumuyukod sa iyo, pinararangalan ka namin, pinupuri at niluluwalhati ang lahat ng iyong mga ginawa. At para sa lahat ng iyong mga pangako na gagawin sa aming sambahayan, sa aming mga bayan/ mga lungsod, sa aming mga eglisya at sa aming bansa.
- Pinasasalamatan ka namin sapagkat pinalalakas mo kami sa pagbigkis mo sa Amin At sa paggawa mo ng bagong bagay sa aming kilusan. Ama, patuloy kang manahan sa amin. Kumpletuhin mo ang iyong sinimulan. Mahabag ka sa amin at paningningin mo ang iyong mukha sa amin at sa mga kumperensiya sa mga darating na mga taon. Sa kapakanan ng iyong pangalan, gumawa ka ng malalim at pangmatagalang gawa sa aming mga sambahan.
- Aming Diyos, pinasasalamatan ka namin sa para mga tao sa lupain ng Aotearoa. Salamat para kay Tangata whenua na nakarinig at niyakap ang ebanghelyo at agad na pagpapadala ng mga mangangaral at tagapagtanim ng mga sambahan kahit sa kalabang  mga tribu. Pinasasalamatan ka namin sa  panibagong alab na minsang humawi sa mga Iwi ( tribu ) at hapu ( kahaliling – tribu ). Banal na Espiritu, hinihiling  namin na hipan mo ang mga baga. Kaming karanga ( tinawag) Maori mula sa bawat tribu ng motu ( bansa ) na lumapit kay Hesus  at masumpungan ang buhay sa kanyang pangalan.
- Panginoong Hesus, pinasasalamatan ka namin para sa sariwang pangitain at panibagong mga estratehiya at upang makabuo ng mga disipulo at tagapagtanim ng mga sambahan. Idinadalangin naming sa mga sambahan at ang panaghoy ng mga sawi, ang mga nasaktan, ang nalululong, mga palaboy, na masdang may kaamuang mata at marinig na may habag. Ang aming panaghoy ay " Palakasin mo ako Panginoon, isugo mo ako ng may pag-ibig, isugo mo ako ng may biyaya, isugo mo ako sa paglalakbay sa pananampalataya na may kapangyarihan upang palayain ang mga bihag".
- Lokal/Nasyunal/ Pandaigdigang Misyon:
  Ideklara ang pagpapala at pagbuhos ng Banal na Espiritu sa Katimugang Dalampasigan Hilagang Isla.
  Hilingin sa Diyos na ingatan at pahiran si Ps Paul Cornish at ang iba pang mga pastor sa naturang rehiyon. Ipanalangin si Ps Pip Batten bilang mga kampeon ng kababaihan sa ating kilusan, ipanalangin na ang Diyos ay magtayo ng mga kababaihan may espiritwal na lakas at kapangyarihan upang paglingkuran ang kanilang mga sambahayan, mga karatig-lugar, mga eglisya at sa mga trabaho.
  Manalangin ng pagpapala, katapangan, probisyon, at karunungan para sa ehekutibong miyembro Ps Sanjai at Sunitha Kandregula.

## Araw Sabado ika-12 ng Setyembre

# IKA 13

*"Nang magkagayo'y tinawag ni Moises si Josue at sinabi sa kanya sa harapan ng buong Israel, " Magpakalakas ka at magpakatapang ka; sapagkat ikaw ay sasama sa bayang ito sa pagpasok sa lupain na isinumpa ng Panginoon sa kanilang mga ninuno na ibibigay sa kanila; at iyong hahatiin sa kanila bilang kanilang mana. Ang Panginoon mismo ang nangunguna sa iyo at sasamahan ka; hindi ka niya iiwan ni pababayaan ka. Huwag kang matakot; huwag kang panghinaan ng loob." Deuteronomio 31 :7–8*

## Mga Puntos Panalangin

- Panginoon ng ani, naririnig namin ang iyong tawag sa amin. Kami na mga Asamblea ng Diyos sa NZ ay binilang ang halaga at sinasabi naming " Oo, babayaran namin ang halaga". Kami ay hahayo bilang mga Apostol. Kami ay hahayo bilang mga Propeta. Kami ay hahayo bilang mga Ebanghelista. Kami ay hahayo bilang mga Pastol ( Mga Pastor ) at kami ay hahayo bilang mga Guro.
- Kung paanong isinugo ka, Panginoong Hesus, isinusugo rin namin ang isa't isa. Nagpapasalamat kami sa iyo, at tinatanggap namin ang bahagi ng iyong sarili sa bawat isa sa amin na ibinigay para sa pagpapalakas at pagpapala ng iba.
- Patawarin mo kami, Panginoong Hesus, sa aming pagpapabaya sa isa't isa, sa aming hindi pagpapahalaga sa isa't isa, at sa aming maling paggamit sa mga ipinagkaloob mo. Bigyan Mo kami ng mga bagong matang makakita, at mga bagong taingang makakarinig sa isa't isa.
- Tumitingin tayo sa ating kaliwa at sa ating kanan. Nakikita natin, pinalalaya natin at tinatawag natin ang mga Apostol, Propeta, Ebanghelista, Pastol at Guro.
- Idinideklara namin ang isang bagong panahon para sa mga Asamblea ng Diyos sa NZ; nakikita namin ang sinerhiya ng limang kaloob na ito na ipinapadala sa pag–aani, nakikita namin ang isang patuloy na muling pagkabuhay at ang gawain ng paggawa ng mga disipulo ay magagawa sa mga darating na dekada.
- Misyon Lokal/Pambansa/Pandaigdigang Misyon:
  Ideklara ang pagpapala at pagbuhos ng Banal na Espiritu sa Silangang Dalampasigan Hilagang Isla. Hilingin sa Diyos na protektahan at pahiran si Ps. Sajan Easow at ang iba pang mga pastor sa rehiyong iyon.
  Ipanalangin na ang ating kilusan ay maging isang tahanan ng kaligtasan, isang kagalakan para sa napakaraming bata. Ideklara ang pagdidisipulo sa mga bata sa ating mga simbahan.
  Suportahan si Ps. Sarah Coupe habang pinamumunuan niya tayo sa Ministeryo ng mga Bata, at sa kanyang tungkulin sa pangangasiwa ng ating pananalapi at mga buwis sa Pambansang Tanggapan.



PALAKASIN

## na Araw Linggo ika-13 ng Setyembre

# IKA 14

*“Ngunit kayo’y isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, isang bansang banal, isang natatanging pag–aari ng Diyos , upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman, patungo sa kaniyang kamangha–manghang liwanag. Noong nakaraan kayo’y hindi bayan, ngunit ngayon kayo’y bayan ng Diyos; noong nakaraan kayo’y hindi nakatanggap ng awa, ngunit ngayon kayo’y nakatanggap ng awa.” 1 Pedro 2:9–10*

## Mga Puntos Panalangin

- Magpaakay sa Banal na Espiritu at kunin ang mga salitang ito mula sa 1 Ped 2 (sa ibaba) at ulitin ang mga ito bilang isang deklarasyon sa mga indibidwal, bayan, simbahan at mga bansa... Ilagay ang mga pangalan ng mga tao, ang iyong bayan/lungsod, ang iyong simbahan at mga bansa, atbp., sa loob ng mga panaklong. [ ] habang kayo ay inaakay.
- ... Sapagkat kayo ay isang bayang pinili. Kayo ay mga maharlikang saserdote, isang bansang banal, isang pag–aari ng Diyos . Bilang resulta, maipapakita ninyo sa iba ang kabutihan ng Diyos, sapagkat tinawag niya kayo mula sa kadiliman patungo sa kanyang kamangha–manghang liwanag at isinugo kayo upang gumawa ng mga dakilang gawa sa kanyang makapangyarihang pangalan.
- Lokal/Pambansa/Pandaigdigang Misyon:
  Ideklara ang pagpapala at pagbuhos ng Banal na Espiritu sa Bay of Plenty.
  Hilingin sa Diyos na protektahan at pahiran sina Ps. Dennis at Mina Acraman at ang iba pang mga pastor sa rehiyong iyon.
  Ipanalangin ang kapayapaan ng Jerusalem at ang muling pagkabuhay ng Israel. Na si Hesus ay yakapin bilang Mesiya at ipagdiwang bilang katuparan ng mga sinaunang pangako sa mga Hudyo.

# Araw Lunes ika-14 ng Setyembre


# IKA 15

*"At humarap sa kanya ang Panginoon at sinabi, "Humayo ka gamit ang iyong lakas na ito, at iligtas mo ang Israel mula sa kamay ng Madian; hindi ba kita isinugo?" At sinabi niya sa kanya, "Panginoon, paano ko ililigtas ang Israel? Narito, ang aking angkan ang pinakamahina sa Manases, at ako ang pinakamaliit sa sambahayan ng aking ama." At sinabi ng Panginoon sa kanya, "Ngunit ako'y sasaiyo, at iyong sasaktan ang mga Madianita na parang isang tao lamang." Mga Hukom 6: 14–16*

## Mga Puntos Panalangin

- Bigyan Mo kami ng biyaya, O Diyos, na ang isang militanteng pananampalataya ay lumitaw sa buong naming Kilusan. Nangangako kami na maging malakas at matapang. Huwag matakot; at huwag panghinaan ng loob'. Bigyan Mo kami ng mga matang makikita na ang 'Panginoon naming Diyos ay sumasaatin saanman kami magpunta' (Josue 1:9, Mateo 28). Ipaalaa mo lagi sa amin na ' mas makapangyarihan ang mga kasama namin kaysa sa mga kalaban namin ' (2 Hari 6:16).
- Patawarin mo kami Ama sa paglimita namin sa aming sariling pag–unawa sa sarili. Patawarin mo kami sa paghadlang sa aming mga inaasahan kung ano ang aming makakamit sa mga nakalipas naming karanasan. Nagsisisi kami, lumalapit kami sa iyo at humihingi ng mas malalim na kapahayagan mo at ng iyong kapangyarihang nasa amin.
- Idinideklara namin ang isang bagong panahon ng hayag na pananampalataya para sa misyong umuusbong sa puso ng bata at matanda. Isang panahon ng mabilis na pagsunod sa mga bagong estratehiya, sa mga udyok ng Banal na Espiritu at sa pagpapahintulot sa kapangyarihan ng Diyos na dumaloy sa pamamagitan natin.
- Sinasabi namin tungkol sa aming Diyos na Siya ang lakas at kalasag ng Kapulungan ng Diyos sa NZ. Na ang Panginoon ng Ani ang siyang nagbabantay sa amin gabi at araw upang manguna at gumabay habang higit pa sa doble ang aming impluwensya at yapak bago ang 2033.
- Lokal/Pambansa/Pandaigdigang misyon:
  Ideklara ang pagpapala at pagbuhos ng Banal na Espiritu sa mga taga–Waikato.
  Hilingin sa Diyos na protektahan at pahiran si Ps. Liz Brandon at ang iba pang mga pastor sa rehiyong iyon.
  Manalangin ng pagpapala, lakas ng loob, probisyon, at karunungan para sa aming miyembro ng Ehekutibo at pinuno ng pangkat etnikong Tongan na sina Ps Anahina at Vosailangi Sikalu .
  Ideklara ang dobleng bahagi ng pagpapala sa lahat ng ating mga eglisya sa Tonga at ang pagpapalaya sa mga tagapagtanim ng eglisyang Tongan.






## na Araw Martes ika-15 ng Setyembre

# IKA 16

*"Gayunpaman, ang kanilang Manunubos ay malakas; Panginoong Makapangyarihan ang kanyang pangalan. Malakas niyang ipagtatanggol ang kanilang layunin upang mabigyan niya ng kapahingahan ang kanilang lupain, ngunit kaguluhan para sa mga naninirahan sa Babilonia." Jeremias 50:34*

## Mga Puntos Panalangin

- Panginoong Hesus, tinatanggap namin ang iyong ginawa para sa amin, hinugasan mo kami ng iyong dugo, hinipo ang aming mga labi ng uling, at pinalakas kami. Tinatanggap namin ang tawag, tinatanggap namin ang responsibilidad, kami ang iyong bayan na tinawag sa iyong pangalan.
- Kami, ang Asamblea ng Diyos sa NZ, ay nagpapakumbaba at nananalangin. Nagpakumbaba kami at hinahanap namin ang iyong mukha. Tinatalikuran namin ang aming masasamang gawain, ang lahat ng bagay na makalupa, hindi espirituwal, at mala–demonyo. Sa iyong dakilang awa, dinggin mo mula sa langit ang aming pagdaing para sa mga tao kung saan kami isinugo. Patawarin mo ang aming mga kasalanan at ibalik ang aming lupain. Buksan mo ang iyong mga mata at tainga at maging masigasig sa bawat panalangin na aming idinadalangin.
- Idinideklara namin ang Espiritu ng Karunungan mula sa itaas para sa mga pinuno ng aming Kilusan at ng aming bansa. Ang Banal na Espiritu ay pinagkalooban ng karunungang una sa lahat ay dalisay, na mapagpayapa rin, ay maamo sa lahat ng panahon, at handang magparaya sa iba. Isang karunungang puno ng awa at bunga ng mabubuting gawa. Isang karunungang walang kinikilingan at laging tapat (Santiago 3).
- Lokal/Pambansa/Pandaigdigang Misyon:
  Ideklara ang pagpapala at pagbuhos ng Banal na Espiritu sa rehiyon ng Auckland.
  Hilingin sa Diyos na protektahan at pahiran sina Pastor Binuraj at Chris Sola at lahat ng iba pang pastor sa rehiyong iyon.
  Manalangin ng pagpapala, lakas ng loob, probisyon at karunungan para sa ating pinunong etniko ng India na si Ps. Binuraj.
  Ideklara ang dobleng bahagi ng pagpapala sa lahat ng ating mga simbahang Indiano at ang pagpapakawala sa mga tagapagtanim ng mga eglisyang Indiano.

# Araw Miyerkules ika-16 ng Setyembre

# IKA 17

*“Ngunit ikaw, Israel, aking lingkod, si Jacob, na aking pinili, kayong mga inapo ni Abraham na aking kaibigan, Kinuha kita mula sa mga dulo ng lupa, mula sa pinakamalayong sulok nito ay tinawag kita.  Sinabi ko, ‘Ikaw ay aking lingkod’; Pinili kita at hindi kita itinakwil. Kaya huwag kang matakot, sapagkat ako’y sumasaiyo; Huwag kang manghina, sapagkat ako ang iyong Diyos. Palalakasin kita at tutulungan kita; Aalalayan kita ng kanang kamay ng aking katuwiran.” Isaias 41:8–10*

## Mga Puntos Panalangin

- Ama naming Diyos, nagpapasalamat kami sa iyong hindi kapani–paniwalang katapatan sa pandaigdigang kilusan ng Asamblea ng Diyos. Para sa pinagsamang biyaya at pagkakaisa upang makitang madoble kami pagdating ng taong 2033.
- Muli kaming umaasa sa Iyo, humihingi ng lakas at pananampalataya upang madoble ang aming pandaigdigang yapak. Aming Diyos, lubos kaming nagtitiwala sa Iyo. Palakasin mo kami at malampasan ang higit pa sa aming inaakala. Sabik na sabik kami sa Iyong kapangyarihan sa aming kalagitnaan. Nagpapasalamat kami sa Iyo na ang aming kilusan ay isinilang sa muling pagkabuhay upang baligtarin ang aming bansa. Kaya ngayon, buong tapang naming idinideklara na ang muling pagkabuhay ay normal para sa amin. Ang kapangyarihang higit na natural at mga mahimalang tanda ang siyang tunay naming pagkatao. Dumadaing kami sa Iyo at hinihiling na gamitin Mo kami upang baguhin ang aming bansa.  Buhayin Mo kami, O Diyos, ‘ Hindi sa pamamagitan ng lakas, o ng kapangyarihan, kundi sa pamamagitan ng Iyong Espiritu ‘ .
- Lokal/Pambansa/Pandaigdigang Misyon:
  Ideklara ang pagpapala at pagbuhos ng Banal na Espiritu sa Hilagang lupain.
  Hilingin sa Diyos na protektahan at pahiran si Ps. Shaun Foster at ang iba pang mga pastor sa rehiyong iyon.
  Manalangin ng pagpapala, lakas ng loob, probisyon at karunungan para sa ating pinunong etniko ng Fiji na sina Ps. Solo at Wati Stark.
  Ideklara ang dobleng bahagi ng pagpapala sa lahat ng ating mga eglisya sa Fiji at ang pagpapakawala sa mga tagapagtanim ng eglisyang Fijian.



PALAKASIN

# Araw Huwebes ika-17 ng Setyembre

# IKA 18

*"Alam ko kung paano ang maging kapos, at alam ko kung paano ang maging sagana. Natutunan ko na ang sikreto ng pagiging kontento sa anumang sitwasyon, maging busog man o gutom, maging sagana man o sa kakapusan. Kaya kong gawin ang lahat ng ito sa pamamagitan niya na nagbibigay sa akin ng lakas." Mga Taga–Filipos 4:12–13*

## Mga Puntos Panalangin

- Ama naming Diyos, binubuksan namin ang aming mga puso upang patuloy na tanggapin ang iyong hininga sa pangitain ng MM33. Salamat sa pagkakaisa at pagsang–ayon na narinig ang " Oo" ng mga Kapulungan ng Diyos mula sa bawat kontinente.
- Nagpapasalamat kami sa Iyo na sa ganitong panahon ay mayroon kaming bahaging dapat gampanan.
  Isang panahon kung kailan tila mabuti para sa amin at sa Banal na Espiritu na sadyang palawakin kami bilang isang pandaigdigang kilusan sa mga lungsod/bayan/nayon at mga bansa sa buong mundo.
- Dalangin namin na sa pagkilos ng mga simbahan ay maitaas ang krus ni Kristo. Na ang iyong pag–ibig ay lalong umapaw sa bawat pamayanan. Na patuloy kaming lalago sa espirituwal na kaalaman at pang–unawa. Na sa lupa ng aming patuloy na pagpapakumbaba ay palaguin mo kami sa aming pag–unawa sa kung ano talaga ang mahalaga sa iyo. Na mamuhay kami nang tapat, dalisay, at walang kapintasan hanggang sa araw ng pagbabalik ni Kristo.
- Banal na Espiritu, Espiritu ng misyon, at Espiritu ng kapangyarihan, nagpapasalamat kami sa garantiya ng iyong presensya sa amin sa bawat lugar na aming pinagsuguan. Bigyan mo kami ng panibagong lakas ng loob upang buong tapang na ipahayag si Hesus at magsagawa ng mga tanda na nagpapakita ng kaharian.
- Lokal/ Pambansa/ Pandaigdigang Misyon:
  Itaas sa Diyos ang lahat ng kabataan at mga kabataan sa loob ng ating Kilusan.
  Ideklara sa Aotearoa ang pagbangon ng Walang Takot na Henerasyon. Isang hukbo ng mga kabataan ang nagpapaningas sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu at ng pagmamahal kay Hesus na hindi aatras sa harap ng mga higante.
  Suportahan sina Ps. Jamie at Rebekah Chapman, hilingin sa Diyos ang bawat pagpapala mula sa itaas habang pinamumunuan nila ang Walang Takot na Kilusan.
  Manalangin ng pagpapala, lakas ng loob, probisyon at karunungan para sa ating pinunong etniko sa Cook Island at tagapamahala ng mga Kaganapan na sina Ps. Ani at Reea Tangimataiti.
  Ideklara ang dobleng bahagi ng pagpapala sa lahat ng ating mga eglisya sa Cook Island at ang pagpapakawala sa mga tagapagtanim ng eglisyang Cook Island.

## na Araw Biyernes ika-18 ng Setyembre

# IKA 19

*“Mapalad ang taong hindi nakikinig sa payo ng masama, at hindi sumusunod sa masama nilang halimbawa. Hindi siya nakikisama sa mga kumukutya at hindi nakikisangkot sa gawaing masama. Sa halip, kasiyahan niyang sumunod sa kautusan ni Yahweh. Binubulay–bulay niya ito sa araw at gabi. Katulad niya’y punongkahoy sa tabi ng isang batisan, laging sariwa ang dahon at namumunga sa takdang panahon. Ano man ang kanyang gawin, siya’y nagtatagumpay.” Awit 1:1–3*

## Mga Puntos Panalangin

- Panginoong Hesus , dalangin namin na ang kilusang Asamblea ng Diyos sa New Zealand ay humuhugot ng lakas mula sa iyong salita araw at gabi.
- Idinideklara namin ang pagpapakawala ng isang bagong hangin ng misyon sa lahat ng dako ng aming mga eglisya. Na makilala natin ang bawat isa bilang mga anak na lalaki at anak na babae na isinugo ng kanilang Ama sa isang sirang mundo.
- Diyos namin, hangad naming mamunga sa bawat mabuting gawa at lumago nang sama–sama sa aming pagkakilala sa Iyo, ang Diyos ng misyon. Hinihiling namin sa Iyo na palakasin Mo kami ng buong kapangyarihan ayon sa Iyong maluwalhating kapangyarihan. Upang kami ay magkaroon ng malaking pagtitiis at pagtitiyaga, na may kagalakang nagpapasalamat sa Iyo. Nagagalak kami na ginawa Mo kaming kwalipikado bilang mga manggagawa para sa ani na nakikibahagi sa mana ng mga banal sa kaharian ng liwanag (Mga Taga–Colosas 1).
- Lokal/Pambansa/Pandaigdigang Misyon:
  Itaas sa Diyos ang ating Kapelyaning Direktor na si Ps. Peter Tate habang itinataguyod niya ang papel ng mga Kapelyani sa mga lugar ng trabaho.
  Hilingin sa Panginoon ng ani na gisingin ang lahat sa ating Kilusan sa larangan ng misyon sa ating mga lugar ng trabaho.
  Ipanalangin na sa mga silid ng kainan sa NZ at sa paligid ng palamigang tubig ang pangalan ni Hesus ay maibahagi nang may biyaya.
  Manalangin ng pagpapala, lakas ng loob, probisyon at karunungan para sa ating Eksekutibong miyembro na sina Ps. Mike at Michelle Coe. Bigyan ng biyaya at awtoridad na magtayo at magpalaya ng mga nagtatanim ng simbahan at mga tagapanguna ng bagong teritoryo.
  Panalangin ng pagpapala, lakas ng loob, probisyon at karunungan para sa ating pinunong etniko ng Korea na si Ps. Ho Min Kim.
  Ideklara ang dobleng bahagi ng pagpapala sa lahat ng ating mga eglisya sa Korea at ang pagpapakawala ng mga tagapagtanim ng eglisyang Koreano.

PALAKASIN

# Araw Sabado ika-19 ng Setyembre

# IKA 20

*" Tatlong beses kong idinalangin sa Panginoon na alisin ito, ngunit ganito ang kanyang sagot, "Ang kagandahang-loob ko ay sapat na para sa iyo, sapagkat lubusang nahahayag ang aking kapangyarihan kapag ikaw ay mahina." Kaya't buong galak kong ipagmamalaki ang aking mga kahinaan upang manatili sa akin ang kapangyarihan ni Cristo. Alang-alang kay Cristo, ako'y may kasiyahan sa gitna ng mga kahinaan, mga pagkutya, mga kahirapan, pag-uusig at kagipitan. Sapagkat kapag ako ay mahina, doon ako nagiging malakas." 2 Korinto 12:8–10*

## Mga Puntos Panalangin

- Panginoong Hesus, ako'y lumuluhod at nagpapasalamat sa Iyo sapagkat nakita mo ang aking kahinaan at sinabi mo sa akin, "Halika, sumunod ka sa akin at gagawin kitang mamamalakaya ng mga tao." Ama sa langit, idulot Mo na magkaroon ng espiritu ng panalangin at marubdob na pag-ibig ay makita sa aming kilusan. Nawa, sa bawat sitwasyon at sa bawat hirap, hindi kami titigil na manalangin para sa isa't isa.
- Nawa'y lagi nating palakasin ang isa't isa sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay. Hinihiling namin sa iyo na punuin ang isa't isa ng kaalaman ng inyong kalooban sa pamamagitan ng lahat ng espirituwal na karunungan at kaalaman (Colosas 1:9).
- Ama, patawarin mo kami sa aming mga nakaraang kawalan ng panalangin at pagtitiwala sa sarili. Ipakita mo muli sa amin kung paano lumuhod sa harap mo, Ang Ama, na siyang pinagmumulan ng pangalan ng iyong buong pamilya sa langit at sa lupa.
- Bigyan ang aming kilusan ng bagong biyaya upang manalangin para sa isa't isa... upang patuloy na manalangin "na sa pamamagitan ng kanyang dakilang kayamanan ay patibayin niya kayo sa kapangyarihan ng kanyang Espiritu sa inyong panloob na pagkatao, upang si Cristo ay manahan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya" (Efeso 3).
- Dalangin namin na ang mga Asamblea ng Diyos sa NZ ay maging malalim ang ugat at naitatag sa pag-ibig ng Diyos, na may kapangyarihan, kasama ang lahat ng mga banal sa buong mundo, na maunawaan kung gaano kalapad, kahaba, kataas, at kalalim ang pag-ibig ni Cristo, at makilala ang pag-ibig na ito na lampas sa kaalaman—upang mapuno tayo sa sukdulan ng lahat ng kasaganaan ng Diyos. (Efeso 3:18)
- Lokal/Pambansa/Pandaigdigang Misyon:
  Ipagdasal ang pagpapala, tapang, probisyun, at karunungan para sa ating Pambansang Kalihim at MM33 point person na sina Ps Darren at Sharon Gammie.
  Magpasalamat at itaas sa Diyos sina Ps. Darren at ang mga Kawani ng ating Pambansang Tanggapan, sina Ani, Sarah, Edwina, at Angela. Humingi tayo ng biyaya, karunungan, at lakas habang nagsisilbi sila sa atin ng mahahalagang suporta at komunikasyon.

## Araw Linggo ika-20 ng Setyembre

# IKA 21

*“Pagkatapos niyang magsalita sa kanila, ang Panginoong Jesus ay iniakyat sa langit at umupo sa kanan ng Diyos. Humayo nga at nangaral ang mga alagad sa lahat ng dako. Tinulungan sila ng Panginoon sa gawaing ito. Pinatunayan niyang totoo ang kanilang ipinapangaral sa pamamagitan ng mga himala na ipinagkaloob niya sa kanila.” Marcos 16:19–20*

## Mga Puntos Panalangin

- Panginoong Hesus, tinatanggap namin ang baton na iyong inilipat sa amin, nagagalak kami na ngayon ay inihahanda mo ang isang lugar para sa amin at patuloy mo kaming ipinagdarasal. Kami’y nananambitan ng “Halika!” na may pananabik na naghihintay sa iyong matagumpay na pagbabalik at sa iyong walang kapantay na paghahari. Hinihiling namin sa iyo na bigyan mo kami ng panibagong lakas ng loob para sa mga gawang iyong itinalaga para sa amin mula pa sa pagkakatatag ng mundo.
- Muli, idinideklara namin … “ang yapak at impluwensya ng Asamblea ng Diyos sa NZ ay higit na madoble sa Aotearoa pagsapit ng 2033 at ang aming kilusan ay magiging bukal ng pagpapala sa Aotearoa at sa ibang mga kilusan”.
- Lokal/Pambansa/Pandaigdigang Misyon:
  Ipanalangin ang muling pagkabuhay sa NZ, isang pagkilos ng Diyos na hindi pa nasaksihan noon.
  Na ang eglisyang Kiwi ang siyang umako sa gawaing ibinigay ni Hesus……upang gawing mga disipulo ang mga taong sabik na ipadala sa kanilang mga komunidad at mga bansa.
  Ipanalangin ang pagpapala, lakas ng loob, paglalaan at karunungan para sa ating tagapagpadaloy ng mga Misyong Pandaigdig na si Ps. Paul White.



“Ngayon, ang lahat ng kaluwalhatian ay sa Diyos, na siyang makapag-iingat sa inyo mula sa pagkatisod at magdadala sa inyo nang may malaking kagalakan sa kanyang maluwalhating harapan nang walang anumang kapintasan. Ang lahat ng kaluwalhatian ay sa kanya na tanging Diyos, na ating Tagapagligtas sa pamamagitan ni Jesu-Cristo na ating Panginoon. Ang lahat ng kaluwalhatian, kadakilaan, kapangyarihan, at kapamahalaan ay sa kanya, bago pa man ang lahat ng panahon, at sa kasalukuyan, at sa mga susunod pang panahon! Amen.”

Judas 1:24-25

## Feedback - Suddenly God

*Because of Prayer, God is moving in SUDDENLIES! Share your ‘Suddenly God answers’ with us to Encourage, Build and Strengthen our Movement and each other. Thank you for praying together with us for 21 Days. Email us at agnznationalprayer@gmail.com*

## Seedtime and Harvest

*Our goal is to raise up an eco-system of 24/7 prayer throughout the movement in New Zealand and Oceania. Every mission has costs attached. We are careful stewards and invite you to sew into the work that God is leading us to facilitate and say YES to. Thank you Account details: Assemblies of God NZ Inc. 03-0196-0120003-001*

## Website

*Website:- To learn more, find resources and get translations of this Guide in other languages, go to www.agnz.org/prayer-initiative*